POPULATION HEALTH DIVISION
SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH

# PID

Ang Pelvic Inflammatory Disease (**PID**) ay isang malalang impeksyon na sanhi ng bacteria na umaakyat mula sa vagina sa pamamagitan ng cervix (ang bukasan tungo sa matris), papunta sa matris, mga fallopian tube, o obaryo. Ang mga bacteria na ito ay nagdudulot ng pamamaga, pananakit, at maaaring magdulot ng scar tissue. Ang PID ay karaniwang sanhi ng gonorrhea o chlamydia, ang dalawang uri ng bacteria na nakukuha sa pakikipagtalik. Naiugnay na rin ito sa mga impeksyon na hindi nakukuha sa pakikipagtalik, tulad ng bacterial vaginosis (BV). Ang PID ang pangunahing sanhi ng pagkabaog (kawalan ng kakayahan na mabuntis).

## *Paano kumakalat ang PID?*

Mas kadalasan, ang bacteria na nagdudulot ng PID ay naipapasa mula sa penis patungo sa vagina sa panahon ng vaginal sex. Ang isang tao ay maaaring mahawaan ng gonorrhea o chlamydia nang walang anumang sintomas.

## *Paano ko malalaman na mayroon akong PID?*

**Maaaring mayroon ka ng alinman sa sumusunod:**

- Pananakit sa tiyan habang nakikipagtalik
- Pananakit sa ibabang bahagi ng likod
- Banayad o matinding pananakit sa ibabang bahagi ng tiyan
- Lagnat, panginginig, o pagsusuka
- Hindi pangkaraniwang pagdurugo o discharge mula sa vagina

## *Malubhang problema ba ang PID?*

Oo! Ang PID ay maaaring magdulot ng:

- Mga pilat sa paligid ng matris, mga fallopian tube, at obaryo. Maaari itong magdulot ng pagkabaog (kawalan ng kakayahan na mabuntis) at/o pangmatagalang pananakit sa balakang.
- Pagbubuntis sa mga fallopian tube, sa halip na matris ("ectopic" o "tubal" pregnancy). Kapag nangyari ito, kailangan ng emerhensiyang operasyon at maaaring tanggalin ang (mga) fallopian tube.

## *Paano ginagamot ang PID?*

- Bibigyan ka ng gamot na antibiotic na gumagamot sa gonorrhea at chlamydia (ang pinakakaraniwang mga impeksyon na nagdudulot ng PID) at iba pang vaginal infection gaya ng bacterial vaginosis (BV).
- Maaring kailanganin mong pumunta sa ospital para sa paggamot kung matindi ang iyong PID.
- Siguraduhin mong bumalik sa klinika o ospital para sa lahat ng iyong follow-up na appointment upang matiyak na gumagaling ang impeksyon.
- <u>Huwag</u> makipagtalik (sexual intercourse) nang hindi bababa sa 2 linggo, para hayaan ang iyong katawan na ganap na gumaling at maiwasan ang pagkalat ng impeksyon sa ibang tao.
- Tapusin ang <u>lahat</u> ng iyong gamot, kahit na nagsisimulang bumuti ang iyong pakiramdam bago mo matapos ang mga ito.
- Ang iyong mga sex partner ay dapat na masuri at magamot din o maaari kang mahawang muli.

*-over-*

## *Ano ang maaari kong gawin para maiwasan ang PID?*

- Ang mga condom ay mabisa sa pagbabawas ng panganib ng impeksyon.
- Huwag makipagtalik kung ikaw o ang isang sexual partner ay mayroong mga sintomas ng isang STI, kabilang ang discharge, napapaso sa pag-ihi, rash, o mga genital sore.
- Iwasan ang douching. Maaaring mapataas ng douching ang paglago ng mapaminsalang bacteria sa vagina, at maaari itong magtulak ng bacteria pataas tungo sa matris at mga fallopian tube.

**Para sa higit pang impormasyon:**
Mangyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyong sariling health care provider. Ang sumusunod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormasyon:

**PangkalahatangSTI**
www.ashasexualhealth.org (malron din sa Español)
www.cdc.gov/std/
www.sfcityclinic.org
www.sfsi.org/

**Contraception at STI/sex info**
www.bedsider.org

**Teens**
www.iwannaknow.org
www.kidshealth.org/teen (mayroon din sa Español)
www.scarleteen.com

Pata sa STI check-up o paggamot,
makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:

City Clinic
A landmark in prevention

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 217-6600
www.sfcityclinic.com